



Ang Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS

The NDIS Workforce Capability Framework Filipino

Ang Framework ng Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na inaasahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw at praktikal na mga halimbawa ng mga pag-uugali at gawi na nagpapakita ng kakayahan ng manggagawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika na 'kung ano ang anyo ng mabuti'. Ang Framework ay suportado ng mga gamit (tool) at gabay upang matulungan ang mga tagabigay ng serbisyo (provider), manggagawa, at mga kalahok sa pagpapalano at pamamahala ng mga manggagawa, recruitment at karera sa sektor.

Ano ang dapat asahan

Ang Framework ay inihahakbang iyo ng mga kasanayan at kaalaman na dapat taglayin ng mga manggagawa sa lahat ng antas upang masuportahan ang mga kalahok ng NDIS.

Ikaw ang pipili ng antas ng trabaho na nais mong malaman at anumang natatangi o partikular na mga suporta, halimbawa, tumutugon sa kultura, pagpapatupad ng pamamahala ng oras ng pagkain, o pag-coordinate ng suporta. Pumili mula sa tatlong malalawak na uri ng mga kakayahan ng manggagawa (pangkalahatan, advanced, ancillary), o senior leader o frontline management upang makita ang mga pangunahing kakayahan. Makakakita ka ng mga tagapagpahiwatig ng pag-uugali at gawi sa drop-down list para sa bawat kakayahan at mahahalagang kaalaman para sa pinagsamang mga kakayahan.

Halimbawa ng kakayahan – Itaguyod ang aking mga karapatan

Halimbawa ng mga tagapagpahiwatig ng pag-uugali at gawi:

- Humingi ng aking pahintulot bago ka pumasok sa aking personal na espasyo o hawakan ako. Igalang ang aking tugon at tandaan na ikaw ay isang panauhin kapag nasa aking tahanan o nasa aking espasyo sa komunidad.
- Igalang ang aking karapatan sa pagkapribado. Humingi ng aking pahintulot bago mangolekta, gamitin o ibunyag ang impormasyon tungkol sa akin.





Balangkas (Framework) sa pagsasanay:

Kalahok: Masaya si Vinay sa kanyang worker na si Amy at pakiramdam niya ay maayos ang kanilang komunikasyon, gayunpaman, pakiramdam niya ay may ilang mga lugar kung saan ang kanyang pagkapribado ay hindi iginagalang. Nais niyang maunawaan kung paano niya maibibigay ang feedback na ito kay Amy at ilan sa mga wika ang maaaring pinakamainam gamitin. Ginagamit ni Vinay ang **Workforce Capability Framework** upang tingnan ang mga kakayahan na dapat ipakita ng kanyang manggagawa. Natagpuan niya ang layunin ng 'Ang aming relasyon' at 'itinataguyod ang aking mga karapatan' na kakayahan at binabasa ang 'Humingi ng pahintulot sa akin bago ka pumasok sa aking personal na espasyo o hawakan ako; Igalang ang aking tugon at tandaan na ikaw ay isang panauhin kapag nasa aking tahanan o nasa aking espasyo sa komunidad.'

Nagpasya si Vinay na makipag-usap sa kanyang provider at ibahagi ang Framework upang bigyang-diin na nais niyang magtanong muna si Amy o sinumang manggagawa bago sila pumasok sa kanyang kuwarto o banyo. Ayon kay Vinay, gusto niya talaga ang paraan ng pakikipag-ugnayan ni Amy sa kanya at maganda ang ginagawa nito sa lahat ng iba pang mga aspeto, kailangan lang niyang tandaan na mahalaga ang kanyang pagkapribado.

Provider: Ang Local Supports Inc. ay masigasig na pinapalakas ang kakayahan ng kanilang mga manggagawa, at matiyak na nauunawaan ng kanilang mga manggagawa ang dapat asahan mula sa kanila. Nakikipag-usap sila sa mga kawani tungkol sa mga kakayahan para sa iba't-ibang uri ng trabaho: pangkalahatang suporta, advanced na suporta, pantulong, pangangasiwa at pamamahala ng frontline, senior management at pamumuno. Nakikipag-usap sila sa bawat grupo kung paano naaangkop ang mga kakayahan sa kanilang trabaho at binibigyang-diin ang kahalagahan ng ilang karagdagang kakayahan, tulad ng pagiging tumutugon sa pagkakakilanlan ng kultura bilang isang aspeto na pinagsisikapan nilang mapabuti. Ginagamit ng mga supervisor ang mga kakayahan upang suportahan sila kapag nakikipag-usap sa mga manggagawa na sinusupportahan nila tungkol sa kanilang papel at tinatalakay ang suporta na kailangan nila upang makamit ito.

Ang mga Lokal na Suporta ay gumagamit din ng **Position Description Tool, Recruitment and Selection Resources and Supervision for Capability** upang mapabuti ang pagtutugma ng mga manggagawang kanilang nire-recruit at ang mga pinahahalagahan at mithiin ng organisasyon. Ito ay pagpapabuti ng kalidad at pagiging hindi pabagu-bago ng mga suporta na kanilang inihahatid at pagbabawas ng workforce turnover.





Mga pangunahing impormasyon

Ang Balangkas (Framework):

- Ay isinulat mula sa pananaw ng isang kalahok sa NDIS.
- Isinasalin ang NDIS Code of Conduct and Practice Standards sa mga naoobserbahang pag-uugali at kakayahan para sa mga manggagawa sa lahat ng antas.
- Nailalarawan ang mga saloobin, kasanayan at kaalaman (ang mga kakayahan) na inaasahan mula sa lahat ng mga manggagawa na may malakas na pagtuon sa relasyon at pakikipag-ugnayan ng manggagawa at kalahok.
- Inilalarawan 'kung ano ang anyo ng mabuti' kapag itinataguyod ang mga pinahahalagahan ng NDIS na nakabatay sa karapatan upang himukin ang positibong pagbabago ng kultura.
- Mahalaga para sa lahat ng mga manggagawa na nagbibigay ng mga serbisyo at suporta na pinondohan ng NDIS sa mga kalahok:
 - pang araw-araw na personal na suporta sa trabaho (tulad ng pagtulong sa mga gawain sa araw-araw o personal na pangangalaga),
 - mga natatanging suporta, mga suporta sa pagpapatatag ng kapasidad (tulad ng mga suporta sa kalusugan at panterapeutika),
 - mga lider at tagapamahala, at
 - mga pantulong na serbisyo (tulad ng pagmimintena, paglilinis o pantanggap).
- Idinisenyo para sa sinumang kailangang maunawaan, idirekta o makilahok sa NDIS na workforce.

Pag-access at paggamit ng Framework

Ang Framework ay magagamit online at bilang isang mada-download na PDF. [Balangkas \(Framework\) | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS \(ndiscommission.gov.au\)](#)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o pagpapatupad nito, bisitahin ang website: <https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/>.

Makipag-ugnay sa: workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.

